

Gabay para sa Magulang/Tagapag-alaga sa Report ng Iskor sa ELLs na Alternate ACCESS

Ang Alternate ACCESS para sa ELLs ay pagsusulit sa **pagkabihasa sa wikang Ingles** para sa mga Baitang 1–12. Sinusukat ng **pagsusulit ang paghusay sa wikang Ingles** ng mga estudyanteng tinukoy bilang mga **mag-aaral sa wikang Ingles** na may mga malaking kapansanan sa kakayahang umintindi (cognitive).

Ano ang Report sa Indibidwal na Estudyante?

Ipinapakita ng Report sa Indibidwal na Estudyante ang mga iskor ng iyong anak sa Alternate ACCESS para sa ELLs. Ang report na ito ay para sa mga pamilya at guro.

Kasama sa itaas na bahagi ng report ang pangalan, petsa ng kapanganakan, baitang, pangalan ng paaralan at distrito, estado, at mga pagkakakilanlang numero ng distrito at estado. Kabilang rin dito ang mga impormasyong nauugnay sa mga espesyal na serbisyong pang-edukasyon ng iyong anak.

| | | |
|--|--|------------------|
| Mag-aaral: | | |
| Aray ng Kapanganakan: | Baitang: | Kalayuan sa IEP: |
| District ID: | State ID: | |
| Paaralan: | Distrito: | Estado: |
| Ang mag-aaral ba ay kumukuha ng anumang (mga) state alternate assessment?: | Bilang ng taon na na-expose ang mag-aaral sa Ingles sa paaralan: | |
| Pangunahing Kapansanan: | Ikalawang Kapansanan (Kung naaangkop): | |

Ano ang sinasabi sa akin ng Report sa Indibidwal na Estudyante?

Ipinapakita ng report ang walong iskor na matatanggap ng iyong anak sa pagsusulit. Kung kinuha ng iyong anak ang lahat ng apat na seksyon ng pagsusulit, siya ay makakatanggap ng walong iskor. Ang NA o 'not available' (o wala), ay nagpapahayag na walang iskor ang inireport. May mga apat na iskor sa *Language Domain* (o Larangan ng Wika) at apat na *Composite Score*.


Ang mga iskor ng *Language Domain* ay inireport para sa Listening (Pakikinig), Speaking (Pananalita), Reading (Pagbabasa), at Writing (Pagsusulat). Ipinapakita ng mga iskor na ito ang apat na seksyon ng pagsusulit.

Ang mga *Composite Score* ay mga kombinasyon ng mga iskor ng Larangan ng Wika ng iyong anak. Ang apat na mga Composite Score ay Oral Language (Pananalita sa Wika), Literacy (Kakayahang Bumasa at Sumulat), Comprehension (Pag-unawa), at ang Overall (Pangkalahatan) na iskor.

Paano inire-report ang mga iskor?

Proficiency Level score (o mga iskor sa Antas ng Pagkabihasa) ay iniuulat bilang kombinasyon ng letra at numero, halimbawa A2 o P1. Ang mga iskor na iyon ay angkop sa anim na Antas ng Pagkabihasa sa Wikang Ingles ayon sa WIDA. Ang iskor na nagsisimula sa letrang "A" ay maituturing na "beginner" (baguhan) na iskor, habang ang "P" ay maituturing na "advanced" (bihasa) na iskor kung ang pagkabihasa sa Ingles ang pinag-uusapan. Ang graph sa report ay nakulayan para ipakita ang iskor ng Antas ng Pakabihasa ng iyong anak. Ang iskor na P3 ay matatanggap lamang sa Pagsusulat. Ang talahanayan sa pahina 3 ng report ay nagbibigay ng mga halimbawa kung ano ang magagawa ng mga estudyanteng nabibilang sa antas ng pagkabihasa sa Ingles ng iyong anak.

| Antas ng Kahusayan** | | | | | |
|----------------------|----|----|----|----|------|
| A1 | A2 | A3 | P1 | P2 | (P3) |
| A1 | | | | | |



Ang mga *Scale Score* ay inirereport bilang mga numero sa pagitan ng 910 – 960, halimbawa 920. Ang mga iskor na ito ang nagpapakita sa antas ng grado ng iyong anak at ang antas ng hirap ng mga aytem sa pagsusulit na kanyang matagumpay na

nasagutan. Ang mga Scale score ay tutulong para makita ang paghusay ng iyong anak sa pagiging bihasa sa wikang Ingles taun-taon. Ipinapakita ng talahanayan sa report ang Scale Score ng iyong anak sa bawat walong iskor, at ipinapakita rin nito ang *Confidence Band* para sa bawat mga Scale Score niya.


Ang mga *Confidence Band* ay ang mga nakulayan na bahagi sa paligid ng bawat Scale Score ng iyong anak. Ipinapakita nito ang posibleng pagitan iskor ng iyong anak na may 95% na probabilidad ng katumpakan. Sa madaling salita, kung paulit-ulit na sasagutan ng iyong anak ang parehong pagsusulit, may 95% na tsansang ang mga iskor niya ay nasa nakulayang bahagi.

Pagganap sa loob ng mga Larangan ng Pakikinig at Pagbabasa ay nagpapakita ng mga bilang ng mga tamang sagot na natanggap ng iyong anak nang may iba't ibang antas ng suporta. Halimbawa, ang Cue A ay nangangahulugang narinig ng iyong anak ang tanong nang dalawang beses. Ang Cue B ay nangangahulugang ang salitang ginamit sa tanong ay pinasimplehan at pagkatapos ay inulit. Ang Cue C ay nangangahulugang ang salitang ginamit sa tanong ay pinasimplehan at inulit; at ibinigay rin ang mga palatandaan (clue) ng tamang sagot. Ang mga suportang ito ay dinisenyo upang sukatin kung gaano ang naiintindihang Ingles inyong anak.

| | Bilang ng Tamang Sagot (sa 9 tanong) | Mas Kaunting Tulong | | | | Mas Malaking Tulong | |
|------------------|--------------------------------------|---------------------|-------------------|----------------|-------------------|---------------------|-------------------|
| | | Cue A | | Cue B | | Cue C | |
| | | Bilang ng Tama | % ng Tamang Sagot | Bilang ng Tama | % ng Tamang Sagot | Bilang ng Tama | % ng Tamang Sagot |
| Pakikinig | 5 | 1 | 20% | 3 | 60% | 1 | 20% |
| Pagbabasa | 3 | 0 | | 1 | 33.3% | 2 | 66.6% |

Impormasyon sa Pangangasiwa ng Pagsusulit ay matatagpuan sa pahina 2 ng report ng iskor ng iyong anak. Ang imahe sa kanan ay isang halimbawa ng pahina 2. Ang pahinang ito ng report ng iskor ay nagbibigay sa iyo ng nakakatulong na impormasyon kung saan kinuha ng iyong anak ang pagsusulit (itaas na seksyon), anong mga suporta ang ibinigay sa iyong anak (ika-2 seksyon), at impormasyon tungkol sa taong nagbigay ng pagsusulit sa iyong anak (mga huling dalawang seksyon). Kung may anumang katanungan ka sa mga impormasyong iniulat sa pahina 2, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak.

Ang mga paglalarawan ng antas ng pagkabihasa ay matatagpuan sa pahina 3 ng report ng iskor ng iyong anak. Ang mga paglalarawan kung ano ang magagawa ng mga bata sa bawat antas ng pagkabihasa sa wika ay inilagay para sa pananalita at pagsulat (paglikha) at pakiking at pagbasa (pagtugon). Ipinapakita sa imahe sa ibaba ang mga paglalarawan ng antas ng pagkabihasa para sa P3 Developing.



WIDA
English Language Proficiency Test para sa ELL
Students na may Significant Cognitive Disabilities

Individual Student Report
(Indibidwal na Ulat sa Mag-aaral)
2019

Impormasyon para sa Pangangasiwa ng Pagsusulit

| Lugar ng Pagsusulit | |
|--|-----|
| Lugar na pamilyar sa mag-aaral (hal. pamilyar na silid-aralin, tinggapan, tahanan) | YES |
| Tahnik na kapaligiran | YES |
| Walang pang-gambala sa lipang ng mag-aaral | YES |
| One-on-one na pagsusulit sa harap ng tagapangasiwa ng pagsusulit | YES |

| Mga bahagi ng pagsusulit kung saan may nagamit na akomodasyon o tulong | |
|--|-----|
| Mga tagubilin sa pagsusulit | YES |
| Format sa presentation o pagpapakilala | YES |
| Format sa pagsagot | YES |
| Format sa lugar/kapaligiran | YES |
| Timing/scheduling | YES |
| Iba pa | |

| Mga Tawag sa Tagapangasiwa ng Pagsusulit | |
|--|-----|
| Special education teacher | YES |
| ESL/Bilingual teacher | |
| General education teacher | |
| Speech/language pathologist | |
| School psychologist | |
| School counselor | |
| Tagapangasiwa ng LEA test | |
| Iba pa | |

| Mga kaalaman ng Tagapangasiwa ng Pagsusulit sa mga kakayahang ng mag-aaral | |
|--|-----|
| Batid niya ang kasalukuyang IEP ng mag-aaral | YES |
| Batid niya ang sa programang pang-akademiko ng mag-aaral | YES |
| Dati na siyang nakapagkaloob ng mga accommodation o tulong sa mag-aaral | YES |
| Mayroong matatag na ugnayan sa mag-aaral | YES |
| May limitadong kaalaman sa mga kakayahang ng mag-aaral | |
| Hindi pamilyar sa mga kakayahang ng mag-aaral | |

Student Name or ID
16010-0000-0000

| | Ang mga mag-aaral sa Ingles na may mahalagang kapansanan sa pag-iisip ay bubuo ng (Productive): | Ang mga mag-aaral ng Ingles na may mahalagang kapansanan sa pag-iisip ay gagawa (Receptive): |
|---------------------------------------|---|--|
| Level P3 Developing o Umuunlad | <ul style="list-style-type: none"> Wika na may partikular na nilalaman, kasama na ang mga cognate (mga kaugnay na salita) at pangungusap Mga salita o pangungusap na may sari-saring kahulugan na ginagamit sa mga asignatura o subject Mga paulit-ulit na grammatical structure na binabago paminsan-minsan Pattern o modelo ng pangungusap sa mga asignatura o subject Maigsi at ilang pinalawak na mga pangungusap na paunti-unting pinahihirap Pinalawak na mga pagpapahayag ng isang ideya o pagsisimula ng pagpapahayag ng maramihang ideya | <p>Sa Pagsusulat, maaaring umabot ang score ng mag-aaral hanggang sa alternate proficiency level P3. Sa Pakikinig, Pagsasalita, at Pagbabasa, walang kasamang mga test item na naglalayong makuha ang proficiency level na P3 pataas; samakatuwid, hindi mapapatunayan ng mga mag-aaral na kumukuha ng pagsusulit na ito ang kahusayan nila sa Ingles sa alternate proficiency level P3 pataas sa mga nasabing sangay.</p> |

Ano ang kailangan kong tingnan sa report ng aking anak?

Aming hinihikayat ang mga pamilyang tingnan ang lahat ng mga iskor na naireport para sa kanilang anak. Naririto ang mga ilang mungkahi sa pagbibigay kahulugan, o pag-unawa ng mga iskor ng iyong anak:

- *Tingnan ang mga iskor sa Larangan ng Wika.* Tingnan ang mga iskor niya sa Antas ng Pagkabihasa para sa Pakikinig, Pananalita, Pagbabasa at Pagsusureport. Aling mga iskor ang mas malapit sa P2? Aling mga iskor ang mas malapit sa A1?
- *Tingnan ang mga Composite Score.* Tingnan ang mga iskor niya sa Antas ng Pagkabihasa para sa Pananalita sa Wika, Kakayahang Bumasa at Sumulat, Pag-unawa, at ang Pangkalahatang Iskor. Aling mga iskor ang mas malapit sa A1? Aling mga iskor ang mas malapit sa P2?
- *Ikumpara ang mga iskor sa taong ito sa mga iskor noong nakaraang taon kung makukuha ang mga ito.* Kung kumuha ang iyong anak ng Alternate ACCESS para sa ELLs noong nakaraang taon, ikumpara ang kanyang mga iskor noong isang taon sa susunod. May kaibhan ba sa kanyang mga iskor sa Antas ng Pagkabihasa? May kaibhan ba sa rami ng suporta na natatanggap niya sa Pakikinig at Pagbabasa?

Paano ginagamit ang mga iskor sa pagsusulit?

Ang mga iskor mula sa Alternate ACCESS para sa ELLs ay magagamit sa maraming paraan. Magagamit ng mga magulang ang mga iskor upang magtaguyod ng kanilang anak, lalong-lalo na sa pakikipagpulong sa koponan ng paaralan na siyang lumilikha ng mga Individualized Education Program (IEP) ng iyong anak. Ginagamit ng mga guro ang mga iskor para magplano ng pagtuturo at sa mga pagsusulit. Ginagamit ng mga distrito ang mga iskor para tasahin ang kanilang mga programang sumusuporta sa wika, para masubaybayan ang paghusay ng mga estudyante sa pag-aaral ng Ingles, at para malaman kung ang isang estudyante ay karapat-dapat na magtapos sa isang programang pangsuporta sa wikang Ingles. Ginagamit din ang mga iskor para matugunan ang mga kailangan para sa pananagutan ng pederal at estado.

Mga Itatanong na Tanong

Hinihikayat namin ang mga pamilya na talakayin ang mga iskor sa (mga) guro ng kanilang anak. Naririto ang ilan sa mga tanong na itatanong:

- Anong iskor ang kailangan niya para magtapos sa isang programang pangsuporta sa wikang Ingles?
- Kukunin ba ng aking anak ang pagsusulit na ito taun-taon?
- Paano ibinabahagi ang mga iskor sa kanyang mga guro?
- Anong uri ng suporta sa wikang Ingles ang inyong ibinibigay sa aking anak?
- Ano ang gusto ninyong malaman tungkol sa paggamit sa wika ng aking anak sa bahay?
- Bakit nakatanggap ang aking anak ng iskor na NA?
- Ano ang ibig sabihin ng iskor na NA?

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga iskor ng iyong anak sa Alternate ACCESS para sa ELLs, pakikontak ang paaralan ng iyong anak.

Ang Alternate ACCESS para sa ELLs ay nagrereport ng mga sumusunod na walong iskor:

- Listening (Pakikinig)
- Speaking (Pananalita)
- Reading (Pagbabasa)
- Writing (Pagsusulat)
- Oral Language (Pananalita sa Wika)
- Literacy (Kakayahang Bumasa at Sumulat)
- Comprehension (Pag-unawa)
- Overall (Pangkalahatan)

Ang mga iskor ay inirereport bilang mga iskor sa *Antas ng Pagkabihasa* at mga *Scale Score*

Mga Pangunahing Salitang Kailangang Malaman

Mag-aaral sa wikang Ingles ay mga mag-aaral na karapat-dapat na makatanggap ng suporta mula sa paaralan para sa wikang Ingles.

Paghusay sa wika ay prosesong gumugugol ng panahon. Ang mga estudyante ay umuusad sa prosesong ito sa mga magkakaibang bilis.

Pagkabihasa sa wika ay ang sukat kung nasaan ang mga estudyante sa proseso ng paghusay sa wika.